DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION NCR
JUN 2 2023
2023-5-26-4522

Republic of the Philippines
**Department of Education**
NATIONAL CAPITAL REGION

Advisory No. 190, s. 2023
May 29, 2023
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
This Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**PANDAIGDIGANG WEBINAR-TRAINING SA ARALING PANLIPUNAN**

Magdaraos ng Pandaigdigang Webinar ang Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF) na may temang "Ugnayang Kaakuhan, Kalinagan, Kasaysayan" na magaganap sa ika 23-25 ng Pebrero 2024.

Layunin ng webinar-training ang sumusunod: (1) malatalakay ang bagong kasaysayan sa wikang Filipino at ang intelektuwalisasyon nito, (2) maitampok ang papel ng Araling Panlipunan sa kultural na edukasyon, (3) mailatag ang mabisang pananaliksik at pagtuturo kaugnay sa Agham Panlipunang nakaugat sa sariling kaakuhan, (4) maipaliwanag ang updates sa Araling Panlipunan lalo na sa bagong CGs ng DepEd, (5) maisakonteksto ang Araling Filipino sa aktuwal na pagtuturo-pagkatuto, (6) maipakita ang mga pag-aaral na lokalisasyon at kontekstuwalisasyon, (7) makritika ang gamit ng wikang Filipino sa baong CGs ng DepEd, (8) maisalaysay ang mahika sap ag-aakda ng kasaysayan sa mga palabas na pantebisyon.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa telephono 0939-9042269 at email address b_bical@yahoo.com

Encl.: As stated

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

25 Mayo 2023

**Dr. WILFREDO E. CABRAL**
Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong NCR

Mahal na Direktor Cabral:

Makasaysayang araw po!

Ang ***Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)*** sa Lungsod Naga (Camarines Sur) ay magdaraos ng **Pandaigdigang Webinar-Training** sa **Araling Panlipunang** may temang ***"Ugnayang Kaakuhan, Kalinangan, Kasaysayan"*** na magaganap sa **ika-23-25 ng Pebrero 2024.**

Layunin ng webinar-training ang sumusunod: **(1)** matalakay ang bagong kasaysayan sa wikang Filipino at ang intelektuwalisasyon nito, **(2)** maitampok ang papel ng Araling Panlipunan sa kultural na edukasyon, **(3)** mailatag ang mabisang pananaliksik at pagtuturo kaugnay sa Agham Panlipunang nakaugat sa sariling kaakuhan, **(4)** maipaliwanag ang *updates* sa Araling Panlipunan lalo na ang bagong *CGs* ng *DepEd,* **(5)** maisakonteksto ang Araling Filipino sa aktuwal na pagtuturo-pagkatuto, **(6)** maipakita ang mga pag-aaral na lokalisasyon at kontekstuwalisasyon, (7) makritika ang gamit ng wikang Filipino sa bagong *CGs* ng *DepEd*, at **(8)** maisalaysay ang mahika sa pag-aakda ng kasaysayan sa mga palabas na pantelebisyon.

Hinihikayat ang **mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang *Senior High School*** na mapahintulutang makadalo at makalahok sa makabuluhang gawaing ito. Kalakip ng sulat na ito ang mekaniks at/o tuntunin sa pagbabayad at ang programa. Nawa ay makakuha po ang **SAGIF** ng inyong **ADVISORY** at/o **ENDORSEMENT** o kahit man lamang **PABATID** o ***ANNOUNCEMENT*** para sa gawaing ito para makadalo ang nasambit na kaguruan.

Nawa'y magkaroon ng positibong tugon ang sulat na ito sa pagpapatuloy at pagpapaalab ng de-kalidad na edukasyon lalo na't pagpapalakas ng **kaguruan ng/sa Araling Panipunan**. Sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09399042269** o sa email address na **b_bical@yahoo.com.**

Dalangin po namin ang inyong positibong pagtugon.

Salamat po.

Lubos na gumagalang,

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Punong Tagapamahala ng Gawain

**MELINDA R. CARDANO, EdD**